# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO
# LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
# MGA TALA O MINUTES

**Isinagawa sa pamamagitan ng Videoconference o Komperensiya sa Pamamagitan ng Internet**

*(Nagkaloob ng pamamaraang makasali mula sa ibang lugar sa pamamagitan ng teleconference o komperensiya sa pamamagitan ng telepono)*

**www.sfgovtv.org**

## Pebrero 4, 2022 – 3:00 PM

## Espesyal na Pulong

**Mga Kasapi:** Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

1. **Panawagan ukol sa Pagsisimula ng Pulong at Pagtatawag ng mga Pangalan ng mga Inaasahang Dumalo**

   *Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa espesyal na sesyon sa pamamagitan ng videoconferencing, at nagbigay ng mga komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Biyernes, Pebrero 4, 2022. Nanawagan ang Tagapangulo (Chair) na si Reverend Townsend ukol sa pagsisimula ng pulong nang 3:02 p.m.*

   *Sa pagtatawag ng mga pangalan ng mga inaasahang dumalo, naitalang naroroon sina Tagapangulo Townsend, Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Miyembro Castillon, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Miyembro Reiner. Naitalang lumiban sa pulong si Miyembro Hernández Gil. May sapat na bilang ng kinakailangan na naroroong miyembro upang maidaos ang pulong.*

2. **Resolusyon ukol sa Paggawa ng Pagsisiyasat at nang Mapahintulutan ang mga Pulong sa Pamamagitan ng Teleconference sa Ilalim ng Kodigo ng Gobyerno ng California (California Government Code), Seksiyon 54953(e)**

   *Tagapagsalita: Brenda Varros; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng resolusyon*

   **Gumawa ng mosyon si Miyembro Chasel Lee, at sumegunda si Miyembro Jeremy Lee, na PAGTIBAYIN ang Resolusyon. Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

   **Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**3. Mga Hangganan o Boundary, Magkakalapit-bahay, at Tinututukang mga Komunidad (Communities of Interest) ng Distrito 10**

*Mga Tagapagsalita: Alison Heath; hiniling na isaalang-alang ng Task Force ang Potrero Hill, Dogpatch, at Showplace Square bilang tinututukang komunidad (community of interest), at panatilihing magkakasama ang mga ito sa iisang superbisoryal na distrito.*
*Alyssa Jones-Garner; hiniling na huwag ihiwalay ng Task Force ang Dogpatch sa Distrito 10 at huwag itong ilipat sa Distrito 6.*
*Marlene Tran; hiniling na kilalanin ng Task Force ang Visitacion Valley bilang tinututukang komunidad at palawakin ang mga hangganan ng District 10 para masama ang lahat ng nasa zip code na 94134.*
*Christina Sandoval; hiniling na huwag hatiin ng Task Force ang Bayview-Hunters Point upang maging dalawa o higit pang superbisoryal na distrito.*
*Tagapagsalita; hiniling na kilalanin ng Task Force ang Visitacion Valley bilang tinututukang komunidad at panatilihin ito sa Distrito 10.*
*Gloria Berry; hiniling na isaalang-alang ng Task Force ang paglipat ng lugar sa paligid ng Chase Center tungo sa District 10, at isaalang-alang ang pagtatanggal ng mga lugar sa paligid ng Berry Street mula sa distrito, at iniharap ang iba't ibang inaalala tungkol sa mga tinututukang komunidad na nasa loob ng Visitacion Valley.*
*Tagapagsalita; hiniling na kilalanin ng Task Force ang Visitacion Valley bilang tinututukang komunidad.*
*Yan Xinliu; hiniling na kilalanin ng Task Force ang Visitacion Valley bilang tinututukang komunidad at panatilihin sa kabuuan nito sa Distrito 10.*
*Brenda Varros; hiniling na huwag ilipat ng Task Force ang General Hospital mula sa Distrito 10.*
*Tagapagsalita; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force.*
*Jude Deckenbach (Potrero Dogpatch Merchants Association o Asosasyon ng mga Negosyante sa Portrero Dogpatch); hiniling na panatilihin ng Task Force ang kabuuan ng Dogpatch, Potrero Hill, at Bayview-Hunters Point sa loob ng Distrito 10.*
*Keith Goldstein, Presidente (Potrero Dogpatch Merchants Association); hiniling na panatilihin ng Task Force ang kabuuan ng Dogpatch, Potrero Hill, at Bayview sa loob ng Distrito 10.*
*Katherine Doumani, Presidente (Dogpatch Neighborhood Association); hiniling na kilalanin ng Task Force ang kabuuan ng Dogpatch at Potrero Hill bilang tinututukang komunidad at panatilihin ang mga ito sa loob ng Distrito 10.*
*Donovan Lacy, Bise Presidente (Dogpatch Neighborhood Association); hiniling na kilalanin ng Task Force ang kabuuan ng Dogpatch at Potrero Hill bilang tinututukang komunidad at panatilihin ang mga ito sa loob ng Distrito 10.*
*Cheryl Thornton; hiniling na isaalang-alang ng Task Force ang Potrero Hill, Dogpatch, Chase Center, Sunnydale, at Bayview-Hunters Point bilang tinututukang komunidad, at panatilihing magkakasama ang mga ito sa iisang superbisoryal na distrito.*
*Theresa Wong; hiniling na kilalanin ng Task Force ang Visitacion Valley bilang tinututukang komunidad, kasama ang Portrero Hill.*
*Tagapagsalita; hiniling na isaalang-alang ng Task Force ang Potrero Hill, Sunnydale, at Bayview-Hunter's Point bilang tinututukang komunidad at panatilihing magkakasama ang mga ito sa iisang superbisoryal na distrito.*

*Naj Daniels; hiniling na isaalang-alang ng Task Force ang Potrero Hill, Showplace Square, HOPE SF, at Bayview-Hunter's Point bilang tinututukang komunidad at panatilihing magkakasama ang mga ito sa iisang superbisoryal na distrito.*
*Maureen Russell; hiniling na kilalanin ng Task Force ang Visitacion Valley, Sunnydale, at Little Hollywood bilang tinututukang komunidad at panatilihing magkakasama ang mga ito sa Distrito 10.*
*Ms. Green; hiniling na panatilihin ng Task Force ang mga hangganan o border ng Distrito 10 na magkakasama at nang naaayon sa kasalukuyang pagkakaguhit sa mga ito.*
*Stacey Randecker; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force.*
*Joyce Book; hiniling na huwag paghiwalayin ng Task Force ang Dogpatch at Potrero Hill upang maging dalawa o higit pang superbisoryal na distrito.*

*J. R. Eppler; hiniling na huwag paghiwalayin ng Task Force ang Dogpatch Showplace Square, at Potrero Hill upang maging dalawa o higit pang superbisoryal na distrito.*
*Jean Bogiages; hiniling na huwag paghiwalayin ng Task Force ang Dogpatch Showplace Square, at Potrero Hill upang maging dalawa o higit pang superbisoryal na distrito.*
*John deCastro; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force.*
*Josephine Zhao, Bise Presidente (Chinese American Democratic Club o Demokratikong Samahan na Tsino Amerikano); hiniling na kilalanin ng Task Force ang Visitacion Valley, Sunnydale, at Little Hollywood bilang tinututukang komunidad at panatilihing magkakasama ang mga ito sa Distrito 10.*
*Lydia Vincent-White; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force.*
*Yolanda Williams; hinihiling na huwag palitan ng Task Force ang pagkakaguhit sa mga linya ng Distrito 10, at huwag paghiwalayin ang mga magkakalapit-bahay na Potrero Hill at Dogpatch upang maging dalawa o higit pang superbisoryal na distrito.*
*Alma Robinson, Ehekutibong Direktor (California Lawyers for the Arts o Mga Abugado ng California para sa Sining); hinihiling na huwag palitan ng Task Force ang pagkakaguhit sa mga linya ng Distrito 10.*
*Tagapagsalita; hiniling na isaalang-alang ng Task Force ang Potrero Hill, Dogpatch, at Bayview-Hunters Point bilang tinututukang komunidad, at panatilihing magkakasama ang mga ito sa iisang superbisoryal na distrito.*
*Tagapagsalita; hiniling na kilalanin ng Task Force ang Visitacion Valley, Portola, at Bayview-Hunters Point bilang tinututukang komunidad at panatilihing magkakasama ang mga ito sa Distrito 10.*
*Bruce Huie; hiniling na huwag palitan ng Task Force ang pagkakaguhit sa mga linya ng Distrito 10, at huwag paghiwalayin ang mga magkakalapit-bahay na Potrero Hill at Dogpatch upang maging dalawa o higit pang superbisoryal na distrito.*
*David Pilpel; hiniling na repasuhin ng Task Force ang mga hangganan o boundaries na isinumite niya at naisama na sa mga rekord.*
*Tagapagsalita; hiniling na panatilihin ng Task Force ang Sunnydale, Potrero Hill, Bayview-Hunters Point, Westpoint, Double Rock, at ang mga lugar sa paligid ng Alice Griffith apartments na magkakasama sa District 10.*
*Kurt Grimes (A Phillip Randolph Institute); hinihiling na huwag palitan ng Task Force ang pagkakaguhit sa mga linya ng Distrito 10.*
*Tagapagsalita; hinihiling na huwag palitan ng Task Force ang pagkakaguhit sa mga linya ng Distrito 10.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**4. Pinakabagong Impormasyon ukol sa Q2 Redistricting Consultants (Mga Konsultant sa Muling Pagdidistrito)**

*Seth Neill, Konsultant sa Muling Pagdidistrito (Q2 Data and Research); iniharap ang pinakabagong impormasyon ukol sa pagsisimula ng paggamit sa Kasangkapan sa Muling Pagdidistrito o Redistricting Tool ng San Francisco. Sinagot ni Andrew Shen, (Opisina ng Abugado ng Lungsod o Office of the City Attorney), ang mga itinanong sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Stacey Randecker; Reverend Dr. Carolyn Scott; Kurt Grimes (A Phillip Randolph Institute); Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); David Pilpel; Cheryl Thornton; Gloria Berry; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**5. Mga Bagong Impormasyon sa Iskedyul ng Regular at Espesyal na Pulong**

*Walang pagbabago sa mga inialok na iskedyul ng mga pulong ng Task Force.*

*Mga Tagapagsalita: Steven Currier; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**6. Pinakabagong Impormasyon ukol sa Plano para sa Pag-abot sa Nakararami (Outreach Plan)**

*Walang bagong impormasyon ukol sa pag-abot sa mas nakararami na inihandog upang marepaso ng Task Force.*

*Mga Tagapagsalita: Cheryl Thornton; hiniling na mag-iskedyul ang Task Force ng sesyon para sa pagsasanay sa software sa pagmamapa, at isagawa ito sa mga aklatan ng mga distrito sa kabuuan ng lungsod, at hiniling na ibahagi ng Mga Konsultant sa Pag-abot sa mas Nakararami o Outreach Consultants ang listahan nila ng mga kontak na organisasyong nakabase sa komunidad para maipaskil ito sa website ng Task Force. Lauren Girardin at Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa pag-abot sa mas nakararami sa publiko.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**7. Mga Ulat ng mga Miyembro ng Task Force at mga Ulat ng Kinatawan ng Departamento ng Lungsod/Pampublikong Opisyal**

*Iniulat ni Miyembro Castillon na nagkaroon siya kamakailan ng mga pakikipagpulong sa mga mamamayan at grupong pangkomunidad na mula sa mga Distrito 6 at 11. Iniulat ni Miyembro Jeremy Lee na nakipag-ugnay siya kamakailan sa Superbisor ng Distrito 5, at sa mga organisasyong nakabase sa komunidad na kumikilos sa mga Distrito 5, 6, at 3. Iniulat ni Miyembro Hernández Gil na nakipagkita siya kamakailan sa League of Women Voters San Francisco, San Francisco Rising, SEIU Local 1021, at iba't ibang pangkat ng mga Natibo Amerikano at Amerikanong Indian, at nang matalakay ang muling pagdidistrito. Ibinahagi ni Miyembro Chasel Lee na nakipagkita siya kamakailan sa API Council (Konseho ng API), at iba't ibang interesadong miyembro ng publiko na mula sa Distrito 2. Ibinahagi ni Tagapangulo Townsend na nakipagkita siya kamakailan sa Superbisor ng Distrito 10, at sa mga kinatawan ng mga Asyano at Aprikano Amerikanong nag-aadbokasiyang grupo na nasa loob ng Distrito 10.*

*Mga Tagapagsalita: Alyssa Jones-Garner; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa task force.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**8. Pag-apruba ng mga Tala o Minutes ng Pulong ng Task Force noong Enero 29, 2022**

*Tinanong ni Tagapangulong Townsend kung mayroong gustong itama ang sinumang Miyembro sa mga Tala ng Espesyal na Pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito noong Enero 29, 2022. Iniharap ni Miyembro Chasel Lee ang pagwawasto sa klerikal na pagkakamali na nasa pahina 3.*

*Mga Tagapagsalita: David Pilpel; ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa anyo ng mga tala o minutes na isinasaalang-alang.*

**Gumawa ng mosyon si Miyembro Chasel Lee, at sumegunda si Miyembro Jeremy Lee, na PAGTIBAYIN ang mga tala ng pulong noong Enero 29, 2022. Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

**Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**9. Komento ng Pangkalahatang Publiko**

*Mga Tagapagsalita: Sietse Goffard (Asian Americans Advancing Justice o Mga Asyano Amerikanong Nagsusulong sa Katarungan); Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco) Stacey Randecker; Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); Cheryl Thornton; Alyssa Jones-Garner; David Pilpel; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**10. Mga Bagay na Pag-uusapan sa Hinaharap**

*Tinalakay ng mga miyembro ang posibleng mga pag-usapan sa hinaharap, ayon sa mga sumusunod:*

- *Isang bagay o item na dapat talakayin ukol sa mga itinatakda ng batas at kinakailangan sa pag-uulat para sa Task Force, kasama na ang mga gabay na mula sa Pederal na Voting Rights Act (Batas ukol sa Karapatan sa Pagboto), ang pagtatakda ng mga depinisyon ukol sa mga Tinututukang Komunidad, at iba pang usapin.*
- *Isang bagay o item na dapat talakayin ukol sa mga koneksiyon sa pagitan ng muling pagdidistrito at ng katarungan sa pagkakapantay batay sa lahi o racial equity.*

*Mga Tagapagsalita: Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); Cheryl Thornton; Alyssa Jones-Garner; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**11. Pagtatapos ng Pulong**

*Dahil wala nang iba pang pag-uusapan, natapos ang pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 7:13 p.m.*

*Pakatandaan (N.B). Itinatakda ng mga Tala ng pulong na ito ang lahat ng aksiyong isasagawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na nauukol sa mga usaping nakasaad, pero hindi kinakailangang naaayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtalakay sa mga usaping ito sa pulong.*

**INAPRUBAHAN: Pebrero 11, 2022**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**